

Pag-aalaga sa Taong May Sakit na COVID-19 sa Bahay

Pagkakaroon ng May-sakit sa Bahay



Marami sa mga nagkakasakit ng coronavirus (COVID-19) ay pwedeng ligtas na alagaan sa bahay. Kung posible, ilagay sa isang kuwarta ang may-sakit, o pisikal na ilayo siya sa ibang nasa bahay. Ilayo siya nang hindi bababa sa 1 metro (haba ng isang braso) mula sa iba.

Pagsusuot ng mask



Pagsuotin ang may-sakit ng mask, o telang pantakip ng mukha, kapag may ibang tao sa paligid, kabilang ang mga kamag-anak. Ang mga nag-aalaga ay dapat magsuot ng mask, o telang pantakip ng mukha, at disposable na guwantes kapag hinahawakan ang mga gamit na ginamit ng may-sakit.

Paghuhugas ng kamay



Palaging maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo bago at pagkatapos asikasuhin ang may-sakit, bago at pagkatapos maghanda ng pagkain, bago at pagkatapos magsuot ng guwantes, at pagkatapos gumamit ng palikuran.

I-disinfect ang kapaligiran



Linisin ang mga laging hinahawakan, o mga gamit sa bahay gamit ang sabon at tubig araw-araw. Pagkatapos, gumamit ng diluted na chlorine solution para mag-disinfect.

Mga Tanong

Kung may mga tanong ka, tumawag sa COVID-19 Hotline: 877-ASK-VDH3 (877-275-8343) Dalhin ang may-sakit sa pinakamalapit na health facility kung lumalala ang kalagayan niya o kung mayroon siya ng sumusunod na sintomas:




hirap huminga



pagkalito



sumasakit ang dibdib



[cdc.gov/coronavirus](https://www.cdc.gov/coronavirus)

www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/global-covid-19